Balitang Manmin

BILANG 112 HULYO 20, 2014

# "Ganito ang Paraan sa Masayang Buhay!"

## Pagkatapos Gumaling mula sa Depresyon Dahil sa Pagpapala ng Diyos, Masaya na Muli ang mga Mananampalataya



Ang mga miyembro ng iglesya na lumaya mula sa makabagong epidemya – depresyon at iba pang karamdaman; (mula sa kaliwa) Diakono Saesop Shim at ang asawa niya, Diakono Jaesong Tak, pamilya ni Diakonesa Kyungsook Kim, pamilya ni Diakonesa Soonhee Son, Kapatid na Kelieskovar Aljamora, at Diakonesa Bokrae Shin.

May isang lalaking nagdusa mula sa depresyon, insomnia, sakit ng tiyan, at mga problemang emosyonal pagkatapos malugi ang ipinuhunan sa paggagarantiya. Biglang gusto na niyang magpakamatay nang minsang mawalan nang lakas ang katawan niya pagkagising, ni hindi niya maigalaw ang mga daliri niya. Mabuti na lang, dinala siya sa Manmin Central Church ng kapatid niyang babae.

"Diyos ko, kung buhay Ka, iligtas Mo ako!"

Pagkatapos niyang pakinggan ang mensahe at tanggapin ang 'Panalangin para sa mga Maysakit' mula kay Dr. Jaerock Lee, ang Punong Pastor ng iglesya, ganap siyang gumaling. Pakiramdam niya, may lumabas na maitim na anino mula sa mga mata niya. Pagkatapos, gumaan ang pakiramdam niya, nakakatulog na siya nang matagal. Nawala lahat ng karamdaman niya, kasama na ang depresyon. Ito ang patotoo ni Diakono Saeseop Shim, 42 taong gulang. Pagkatapos ng karanasang ito, naging anak siya ng Diyos. Siya ngayon ay isang maaasahang padre de pamilya at isang tapat na lingkod ng iglesya. Binibiyayaan din siya sa trabaho niya.

Ang depresyon ay kalagayang matamlay, malungkot, walang-gana, at tamad. May epekto ito sa isipan, ugali, damdamin, at pangkalahatang kalagayan ng isang tao. Hindi lang malungkutin at walang interes o kasiyahan sa mga bagay na dati nilang kinagigiliwan ang mga taong may depresyon, hindi rin nila kayang supilin ang damdamin nila at kalagayan. May kasama rin itong problema sa pisikal at sa isipan, tulad ng hypothymia (walang emosyon), busy brain (maraming iniisip), mabagal, pagkabahala, at kagustuhang magpakamatay.

Sa Manmin Central Church, maraming tao ang nakalaya mula sa depresyon. Ito ang kinikilalang 'epidemya ng makabagong lipunan'. Marami ring gumaling mula sa iba't ibang karamdaman. Masaya na sila ngayon at umaasa sa Langit.

Nagdusa sa kawalan ng kasiyahan sa buhay at negatibong saloobin si Diakonesa Soonhee Son, 44 taong gulang. Nasuring may depresyon siya. Nagsisi siya dahil hindi niya isinabuhay ang Salita ng Diyos, at tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Hindi lang depresyon ang gumaling sa kanya, gumaling din ang sakit niyang reflux esophagitis, pollakisuria, at herniated lumbar disc.

Si Diakono Jaesong Tak, 58 taong gulang, ay nagdiborsyo dahil hindi mabuti ang nangyari sa isang kasunduang ginawa niya na may kinalaman sa pananagot. Naging sugapa siya sa alak na nauwi sa depresyon. Samantala, nalugod siya sa panunuod ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee, ng mga papuri, at mga patotoo ng mga tao na ipinapalabas sa GCN (www.gcntv.org). Habang lumulukso siya sa pagpupuri, gumaling ang depresyon niya.

Nagdusa sa depresyon si Diakonesa Bokrae Shin, 76 taong gulang, nang mamatay ang asawa niya na nagdusa sa epekto ng operasyon sa colon at sa utak, stroke, sakit sa puso at rayuma. Pinayuhan siya ng isang kakilala na basahin ang libro ni Dr. Jaerock Lee na *Tasting Eternal Life before Death*. Tumanggap siya ng maraming pagpapala sa pamamagitan nito. Pagkatapos, nagsimula siyang magsulong ng buhay bilang isang Cristiano. At sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga may sakit, gumaling ang mga sakit niya pati ang depresyon.

Inabuso si Kapatid na Kelieskovar Aljamora, 25 taong gulang, taga-Peru, ng ama at mga kinakapatid niya noong bata pa siya. Habang lumalaki, hindi siya mapayapa, nagdusa siya sa depresyon. Samantala, may nagdala sa kanya sa Peru Manmin Church, pinakinggan niya ang mga sermon ni Dr. Lee. Habang nakikinig siya, natanto niya na nalulungkot ang Diyos kung mayroong galit at poot ang isang tao. Nang pagsisihan niya ang mga pagkakamali, galit at poot niya habang umiiyak, nawala ang depresyon, napalitan ito ng umaapaw na kaligayahan.

Binagabag si Diakonesa Kyungsook Kim, 47 taong gulang, ng hindi magandang relasyon niya sa biyenan niyang babae. Nagkasakit din siya pagkatapos manganak. Nakalaya siya mula sa depresyon dahil sa panalangin ni Dr. Lee. At marami pang ibang napalaya mula sa depresyon sa pamamagitan ng mga sermon ni Dr. Lee na puno ng buhay at makapangyarihang pananalangin.

Ang isang palatandaan ng depresyon ay ang pagsuko sa lahat ng bagay dahil sa negatibong saloobin at damdamin. Dahil dito, hindi maintidihan ng isang tao ang sarili niyang kalagayan. Kung totoong Cristiano ang isang tao, magiging positibo ang takbo ng isipan niya. At higit pa riyan, wala silang alalahanin dahil nakikita nila ang pagkilos ng Diyos ayon sa pananampalataya nila. Dahil maligaya ang buhay nila at may pag-asa sa Langit, kusang nawawala ang depresyon.

# Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas" (Ang Mga Gawa 4:12).

Niloob ng Diyos na tamasahin ng unang nilalang na si Adan ang kapangyarihang gusto niya sa Halamanan ng Eden. Gayon pa man, mayroong isang bagay na ipinagbawal sa kanya ang Diyos. Ipinagbawal Niya ang kumain ng bunga mula sa punongkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama.

Habang lumilipas ang panahon, nabigo si Adan at Eva sa pagsunod nila sa Salita ng Diyos, kumain sila ng bunga mula sa punongkahoy dahil tinukso sila ng ahas. Nagkasala sila ng pagsuway, at ayon sa batas ng katarungan na nagsasabing, "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan," sila ay namatay (Mga Taga-Roma 6:23).

Ang tinutukoy na 'kamatayan' dito ay hindi pisikal, ito ay espirituwal. Ibig sabihin, pupunta sa Impiyerno. Ang sumpang ito ay hindi lang para kay Adan, naipamana pa niya ito sa lahat ng nilalang na inapo niya. Patay din ang mga espiritu nila.

Wala bang paraan para maligtas ang sangkatauhan na naging makasalanan? Mayroon, pero kailangang mayroong magbayad ng halaga ng kasalanan para sa kanila. Sa madaling salita, kung mayroong magbabayad ng kaparusahan ng kamatayan para sa kanila na dapat maparusahan, maliligtas sila.

Tinanggap ni Jesus na Anak ng Diyos ang parusa ng kamatayan para sa lahat ng tao na nakatakdang mamatay. Inako Niya ito. Hindi pwedeng kahit sino na lang ang umako ng kasalanan, dapat siyang magkaroon ng tamang katangian para maging Tagapagligtas.

### 1. Mga Katangian ng isang Tagapagligtas

Samakatwid, anong mga katangian ng isang Tagapagligtas, at bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas?

#### Una, dapat siya ay tao

Sa 1 Mga Taga-Corinto 15:21, mababasa, "Sapagkat yamang sa pamamagitan ng isang tao'y dumating ang kamatayan, sa pamamagitan din ng isang tao'y dumating ang pagkabuhay na muli ng mga patay." Dahil nagsimula ang kasalanan sa isang tao, dapat tao rin ang tutubos sa kanila mula sa kasalanan. Hindi tayo pwedeng tubusin ng mga anghel o hayop.

Noong panahon ng Lumang Tipan, tinubos ang mga tao mula sa kasalanan sa pamamagitan ng pagpatay sa hayop. Dapat silang maghandog ng hayop bilang sakripisyo para mapatawad sa kasalanan. Pero kailangan nilang gawin ito tuwing magkakasala sila.

Gayon pa man, tinubos tayo ni Jesus mula sa lahat ng kasalanan natin sa pamamagitan ng pagpapako sa krus na kahoy (Sa Mga Hebreo 7:27, 9:12). Nagpunta si Jesus, ang Anak ng Diyos, dito sa lupa para tubusin ang lahat ng tao mula sa kasalanan, nagkatawang tao siya. Sinasabi sa Juan 1:1, "Ang Salita ay Diyos" at mababasa sa 1:14, "At naging Tao ang Salita at nanahang kasama namin." Sa madaling salita, pumunta ang Diyos na Siyang Salita dito sa lupa at nagkatawang tao. Ito ay si Jesus.

Maliwanag na pinapatunayan ng kasaysayan ng sangkatauhan na dumating dito sa lupa si Jesus bilang tao. Ang kalendaryong ginagamit natin ngayon ay binase sa kapanganakan ni Jesus. Ang kasaysayan ay hinati sa dalawa, B.C. (Before Christ), bago dumating si Jesus at A.D. (Anno Domini), na nangangahulugang, taon ng Panginoon. Sa pamamagitan nito pinapatunayan ng kasaysayan na ipinanganak si Jesus.

#### Pangalawa, hindi pwedeng inapo ni Adan ang Tagapagligtas

Likas na makasalanan ang lahat ng inapo ni Adan, nagkakasala sila. Hindi pwedeng tubusin ng mga makasalanan ang ibang makasalanan. Parang taong may malaking personal na pagkakautang, hindi niya makakayang bayaran ang utang ng ibang tao. Pero si Jesus ay hindi inapo ni Adan, na gumawa ng kasalanan. Ibig sabihin, si Jesus ay ipinanganak ng walang kasalanang likas.

Bakit hindi inapo ni Adan si Jesus? Sapagkat hindi Siya nabuo sa pamamagitan ng pagsasama ng 'sperm' ng lalaki at 'egg' ng babae. Mababasa sa Mateo 1:18, "Ganito ang pagkapanganak kay Jesu-Cristo. Nang si Maria na nakatakdang ikasal kay Jose, bago sila magsama, si Maria ay natuklasang nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo." Dahil si Jesus ay ipinagbuntis sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at 'hiniram' lang ang sinapupunan ni Maria, wala Siyang orihinal na kasalanan na mamanahin mula sa mga magulang.

#### Ang pangatlong katangian ay dapat mayroong kapangyarihan ang Tagapagligtas na magligtas

Sa usapang sundalo, para mabawi ang mga kasamahang nabihag ng kaaway, kailangang mayroong sapat na kapangyarihan para manalo. Sa katulad na paraan, para iligtas ang sangkatauhan, na naging mga alipin ni Satanas, dapat may kapangyarihang magtagumpay ang Tagapagligtas laban kay Satanas.

Ano ang kapangyarihan sa espirituwal na kaharian? Ang kapangyarihan ay walang bahid ng kasalanan. Dahil hindi inapo ni Adan si Jesus, wala Siyang orihinal na kasalanan. Wala Siyang ginawang kasalanan sa buhay Niya. Nabuhay Siya ayon sa Salita ng Diyos.

Inilalarawan ng Sa Mga Hebreo 7:26 si Jesus bilang 'banal, walang sala, walang dungis' at sa 1 Pedro 2:22, 'hindi nagkasala, at walang natagpuang pandaraya sa Kanyang bibig.' Dahil naisulat na walang kasalanan si Jesus, pwede Niyang pagtagumpayan ang kamatayan at muling mabuhay. Dahil dito, pwede Niyang iligtas ang sangkatauhan na naging alipin ni Satanas.

#### At panghuli, dapat may pag-ibig ang Tagapagligtas

Si Jesus at ang Diyos na Pinagmulan ay iisa. Siya ay ang Manlilikha at Panginoon ng lahat ng bagay. Pero pinasan Niya ang malupit na parusa ng pagkapako sa krus para sa mga kasalanan. Kinasuklaman Siya at inalipusta, nilait at tinanggap ang mga pagdurusa na para sa mga makasalanan. Hindi Niya magagawa ito kung wala Siyang pag-ibig.

Bakit kailangang mamatay si Jesus sa krus na kahoy? Pagkatapos magkasala ni Adan, lahat ng tao ay isinumpa sa ilalim ng batas na nagsasabing, "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." Gaya ng sinasabi sa Galacia 3:13, "Sumpain ang bawat binibitay sa punungkahoy," para tubusin tayo mula sa sumpa ng batas, dapat ipako si Jesus sa krus na kahoy habang ipinapasan ang sumpa.

At bakit kailangang dumanak ang dugo ni Jesus? Sinasabi ng Levitico 17:14, "Sapagkat ang buhay ng lahat ng laman ay ang dugo nito." Sa Mga Hebreo 9:22, sinasabi, "Kung walang pagdanak ng dugo ay walang kapatawaran ng mga kasalanan." Ipinapaliwanag nito, magkakaroon ng kapatawaran sa pagdanak ng dugo na nagdadala ng buhay. Ito ang dahilan kung bakit dumanak ang dugo ni Jesus sa pamamagitan ng pagsusuot ng koronang tinik at paghahagupit. Dumanak ang lahat ng dugo at tubig sa katawan Niya nang ipinako ang mga kamay at paa Niya, at tumagos sa tagiliran Niya ang isang sibat.

Dumanak ang dugo ni Jesus para sa kapatawaran ng kasalanan ng lahat ng tao dahil sa pag-ibig. Sa bandang huli, namatay Siya sa krus. Hindi nangangahulugang kahit na sino ay pwedeng maging manunubos kung dadanak ang kanilang dugo. Dapat katulad ng kay Jesus ang dugo. Malinis at walang bahid ng kasalanan. Walang orihinal na kasalanan at walang ginawang kasalanan.

Kaya, sa Ang Mga Gawa 4:12, mababasa, "Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas."

### 2. Ang dahilan kung bakit maliligtas ang kahit na sinong magtitiwala na si Jesus ang Tagapagligtas

Sa buong mundo at sa lahat ng panahon, iisa lang ang may tamang katangian para maging Tagapagligtas. Siya ay si Jesus. Pero pinatay ni Satanas si Jesus, na walang kasalanan, sa pamamagitan ng masasamang tao. Nilabag ni Satanas ang espirituwal na batas dahil pinatay niya si Jesus na walang kasalanan. Ang halaga nito ay ang kalayaan mula sa kamatayan ng mga tatanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas (Mga Taga-Roma 5:18). Ito ang kalooban ng Diyos sa krus.

May sinasabi ang 1 Mga Taga-Corinto 2:7 tungkol dito, "Kung nagsasalita kami tungkol sa karunungan ng Diyos, na hiwaga at inilihim, na itinalaga ng Diyos bago ang mga panahon para sa ikaluluwalhati natin." Akala ni Satanas at ng kaaway na diyablo na pang walang hanggan ang kapangyarihan nila habang nakapako si Jesus. Pero ang resulta nito ay kabaliktaran. Ang pagpatay nila kay Jesus ay pagkawasak nila, at ang paraan para tuparin ang kalooban ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan sa pamamagitan nito.

Itinago ng Diyos ang hiwagang ito hanggang sa tamang panahon. Nang dumating ito, ipinako sa krus si Jesus at nabuksan ang daan patungo sa kaligtasan para sa mga tao. Kung batid ito ni Satanas, hindi niya papatayin si Jesus. Ito ang kamangha-manghang karunungan ng Diyos na itinago Niya bago pa magsimula ang panahon. Hallelujah!

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# “Naitaboy ang kadiliman nang makilala ko ang Panginoon ng pag-ibig”

Kapatid Eunsuk Kim,
34 taong gulang, 2-15 Parish, South Korea



Noong taong 2009, anim na buwan pagkatapos kong manganak sa panganay ko, nagkaroon ako ng problema sa pag-iisip. Napakalungkot ko habang pinapalaki ko ang sanggol ko. Lagi kaming nag-aaway ng asawa ko. Siya ay maawain, masipag, at magiliwin sa akin, pero pinipintasan ko siya. Sinasabi ko sa kanya na hindi niya naiintindihan ang laman ng puso ko. Dahil dito lumalala ang pag-aaway namin.

Lumaki akong nakikita ang madalas na pag-aaway ng mga magulang ko, nagdusa ako dahil sa diborsyo nila. Gusto ko sanang maging buo ang pamilya ko, pinagsikapan ko ito. Pero may nabuong galit at poot sa puso ko dahil sa trauma. Palaging walang nangyayari sa pagsisikap ko.

Ayaw kong manahin ng anak ko ang sakit na naranasan ko. Naging desperado ako. Nagbasa ako ng dosedosenang libro tungkol sa psychology at nagsikap akong magkaroon ng mapayapang isipan. Umasa din ako sa mga taong nasa situwasyong katulad ng sa akin.

Gayon pa man, ang mga pagsisikap ko ay pansamantala lang. Kapag naalala ko ang galit at sama ng loob ko sa mga magulang ko, hindi ko na mapigil ang nagpupuyos kong galit.

### Ang makalaya mula sa galit at depresyon na sanhi ng sugat sa kaibuturan ng puso ko

Nagpunta ako sa isang kilalang psychiatrist para kumunsulta at humingi ng payo, magpagamot ng trauma (EMDR therapy), at mga medisina. Hindi na ako magagalitin pero hindi rin ako nalulugod at nasisiyahan.

Kapag umiinom ako ng gamot, hindi ko inaaway ang asawa ko, nagkakasundo kami. Pero sumasakit ang tiyan ko at parang hangin ang laman ng utak ko dahil din sa gamot na ito. Kapag hindi ko ininom ang gamot, nagagalit ako, inaaway ko ang asawa ko. Kaya dapat kong inumin ang gamot.

Noong panahon ng tag-init taong 2013, naisip kong gusto kong makitang lumaki ng maayos ang anak ko. Dapat akong makakita ng paraan para mabuhay. Batid ko na ang sugat sa puso ko ay hindi mapapagaling ng pagmamahal ng asawa ko o ng medisina. Sa bandang huli, naisip kong hanapin ang Diyos.

Hindi ko pa naranasang manalangin sa buong buhay ko, gusto kong manalangin sa simbahan. Naisip kong batid ng Diyos ang laman ng puso ko na walang taong nakakaunawa. Gusto kong itanong sa Kanya, “Bakit ibinigay sa akin ang ganoong klaseng mga magulang? Bakit kailangan kong maghirap? May paraan ba para malutas ang mga problema ko?”

Samantala, nabanggit ko sa isang kapit-bahay na gusto kong magsimba. Sinabi niya, “Bakit hindi ka sumama sa iglesya ko?” Masaya akong sumama sa kanya. Noong Hulyo 28, 2013, nagparehistro ako sa Manmin Central Church.

Pagkatapos ng isang buwang pagpunta sa iglesya, dumalo ako sa pulong-panalangin sa madaling araw. Tinanggap ko ang Banal na Espiritu doon at nagsisi habang umiiyak. Pagkatapos, guminhawa ang pakiramdam ko, masaya kong pinanatili ang araw ng Sabbath, dinaluhan ko ang magdamag na pagsamba tuwing Biyernes, at ang pulong-panalanging Daniel. Pagkalipas ng dalawang linggo, nanaginip ako.

Sa panaginip, nanalamin ako, may nakita akong puting insekto sa noo ko. Mahaba ito, may 5 sentimetro at may 1 milimetro ang lapad. Nakakapandiri ito kaya pilit kong tinanggal. Pero ayaw nitong maalis, parang nagka-ugat na ito. Isang 20 hanggang 30 sentimetrong laman ang lumabas sa noo ko! Naglabas ng asul na liwanag ang ugat nito.

Hindi ko pa batid ang tungkol dito noong mga oras na iyon, pero noong Setyembre 2013, nalaman ko na ito ay ang pangalawang bahagi ng makapangyarihang pagpapagaling ng depresyon ko na may asul na liwanag. Sa wakas, nagkaroon din ako ng karapatang maging anak ng Diyos.

### Nakita ko ang pangunahing dahilan ng depresyon sa Salita ng Diyos, nagsisi ako, pagkatapos...

Nagsikap akong pagalingin ang trauma ko sa pamamagitan ng pakikinig ng mga sermon. Pinakinggan kong mabuti ang serye ng sermon ni Dr. Lee tungkol sa ‘Love Chapter’ at ‘Nine Fruits of the Holy Spirit’. Itinanim ko ito sa puso ko.

Naantig ang damdamin ko dahil natutuhan ko mula sa sermon niya na ang problema ko ay nagmumula sa kasamaan ng puso ko. Kaya sa tuwing natutukso akong sisihin ang mundo, ang ibang tao, at mga magulang ko, idinadalangin ko na maiwaksi ko ang sama ng loob, reklamo, tampo, at galit.

Dinaluhan ko ang pulong-panalanging Daniel tuwing gabi, nanalangin ako sa Diyos, “Gusto kong ganap na pagsisihan ang mga kasalanan ko.” Pagkatapos, bumaba mula sa itaas ang apoy ng Banal na Espiritu, at bumuhos sa akin ang ganap na pagsisisi. Napakaalab ng pananalangin ko, basang-basa ang buong katawan ko ng pawis. Pagkatapos naging napakasaya ko at mapayapa. Damang-dama ko ang pag-ibig ng Diyos at ang habag ng Panginoon.

Natanto ko na sarili ko ang dahilan ng lahat ng problema. Nalulungkot ako sa mga ginawa ko sa mga magulang, asawa, at anak kong pinahirapan ko. Nagpasiya akong mas maging mabuti para sa kanila. Gustung-gusto kong magkaroon ng kapatawaran ang mga pagkakamali ko noon.

Nagpasiya akong magbahagi ng espirituwal at tunay na pagmamahal na hindi nagbabago kahit ano pang mangyari. Para sa lubos na pagbabago, nagsisikap ako at sumusulong sa tulong ng Banal na Espiritu.

Naitaboy na ang kadiliman mula sa pamilya ko, may kapayapaan na kami. Positibo, matalino, at marunong ang anak ko. Pumapasok na siya ngayon sa Manmin Kindergarten. Dumadalo ang asawa ko sa mga pagsamba tuwing Linggo. Higit sa lahat, inuunawa niya ako at tinutulungan para magsulong ng buhay bilang isang Cristiano dahil malaki ang pagpapasalamat niya sa pagbabago ko. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na niloob na makita ko ang tunay na kaligayahan.

# Ang Pag-ibig ni Jesu-Cristo, Ipinahayag sa Kenya, Africa

"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi Ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa" (Ang Mga Gawa 1:8).

Bago Siya umakyat papuntang Langit, hiniling ng Panginoon, na ipinako sa krus at muling nabuhay, na ipahayag ang kaligtasan sa lahat ng tao. Bilang pagsunod sa iniutos Niya, matapat na nagpapahayag ng ebanghelyo ang Manmin Central Church sa bansa at sa misyon sa buong mundo. Ipinapakita nila ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos magmula noong nagsimula sila. Sa kasalukuyan, kumikilos ang iglesya, kasama ang sampung libong sangay at katuwang na iglesya, bilang mga saksi ng Panginoon sa mga pinakamalalayong bahagi ng mundo sa pamamagitan ng mga babasahin, mga libro, diyaryo, at pagbobrodkast tulad ng telebisyon at internet.

Puspusan ang mga krusada ng pagkakaisa sa ibang bansa, naging simula ang mga ito ng misyong pang-buong mundo tulad ng Uganda Holy Gospel Crusade noong taong 2000. Ibinalita pa ito ng CNN. Dinaluhan ng daan-daan at milyong-milyong tao ang mga krusada sa Pakistan, India, at New York, sa Estados Unidos. Nagkaroon ng mga tanda, himala, at ibang mga kamangha-manghang pagkilos sa Israel. Ipinahayag ni Dr. Jaerock Lee na si Jesu-Cristo ang Tanging Tagapagligtas.

Ang Kenya ang nagsisilbing 'pintuan' ng Africa. Mahalaga ang lokasyon nito sa mundo. Magbalik-tanaw tayo sa mga pangyayari dito noon at hanggang ngayon.

### Nagising ang mga Espiritu sa pinakamalaking krusada sa kasaysayan ng Cristianismo sa Kenya

Idinaos ni Dr. Jaerock Lee ang krusada ng ebanghelyo ng kabanalan mula Hunyo 29 – Hulyo 1 sa Uhuru Park sa Nairobi, Kenya. Ipinangaral niya ang mga mensaheng, "God the Creator" (Ang Diyos na Manlilikha), "Why Is Jesus Our Only Savior" (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin), at "God the Healer" (Ang Diyos na Nagpapagaling). Ipinakita niyang buhay ang Diyos.

Nang idalangin ni Dr. Lee ang mga maysakit mula sa entablado, tumayo ang may kapansanan mula sa silyang may gulong at lumakad. Nang makita ito ng mga dumalo, nagsigawan sila dahil sa kaligayahan, at nagbigay ng luwalhati at pasasalamat sa Diyos. Napalayas din ang mga demonyo, nakakita ang mga bulag, nakarinig ang mga bingi, at nakapagsalita ang mga pipi. Maraming karamdamang napagaling, kasama na dito ang AIDS.

Mahigit-kumulang, tatlongdaang libong tao ang dumalo. Ito ang pinakamalaking bilang ng mga taong dumalo sa isang krusada sa kasaysayan ng Kenya. Nagulat din ang mga nagorganisa, sabi nila, wala itong katulad sa lahat ng mga okasyon. Naibrodkast ang krusada sa buong bansa sa pamamagitan ng KBC TV (ang brodkaster ng Kenya sa bansa) at napakinggan din sa radyo. Napakaraming taong sumama sa krusada sa pamamagitan ng pagbobrodkast.

Bago magsimula ang krusada, nagdaos ng seminar para sa mga pastor. Dahil sa pananalangin ni Dr. Lee sa entablado, mahigit sa isang libong tao ang agad gumaling. Naisulat sa isang pinagkakatiwalaang diyaryo na hindi pa sila nakakakita ng mga himala at makapangyarihang mga tanda sa ibang mga krusada. Binanggit din nila na si Dr. Jaerock Lee ay tapat na lingkod ng Diyos. Ito ang naging simula ng paggising ng mga espiritu sa mga Cristianong iglesya sa Africa. At dahil dito, napakaraming iglesyang nagrehistro bilang sangay at katuwang ng Manmin.

### Isinasagawa ang aktibong pagmimisyon sa 54 na bansa sa Africa

Pagkatapos ng krusada, maraming taong gumaling mula sa nakakabagabag na mga pinsala at karamdaman dahil sa makapangyarihang panyo na pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Ito'y dahil nagsagawa ng krusadang may panyong nakakapagpagaling si Bishop Dr. Myongho Cheong, tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ sa Africa (nagmiministeryo sa Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya). May mga naligtas.

Nagdaos din ng mga seminar para sa mga pastor si Bishop Dr. Cheong. Pinatunayan niya sa mga pastor na taga-Africa ang mensahe sa pamamagitan ng mga tanda. Itinuturo din niya ang ebanghelyo ng kabanalan sa pagsisimula niya ng Manmin International Bible Seminary para sa paglago ng pananampalataya ng mga kaluluwa dito. Ibinobrodkast din sa buong bansa ang mga sermon ni Dr. Lee sa pamamagitan ng Family TV. Patuloy ding binibigyan ng pagkaing espirituwal ang mga mamamayan dito sa tulong ng mga libro ni Dr. Lee at *Balitang Manmin.*

### Nagsagawa ng Krusadang may Panyong Nagpapagaling sa Nairobi Manmin Holiness Church

Noong Mayo 27, 2014, nagsagawa ng pulong na may panyong nagpapagaling sa Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya. Ordinaryong araw ito, pero mahigit sa 1,700 tao ang dumalo. Nagtapos ito sa awitan ng lokal na mga mang-aawit at ng makapangyarihang sayaw at mga espesyal na awitin sa wikang Nairobi ng Power Team ng Komite ng Sining ng Manmin.


Ipinangaral ni Rev. Heesun Lee, gabay na pastor ng Manmin para sa buong mundo, ang mensaheng pinamagatang "Faith" (Pananampalataya). Binigyang-diin niya na kailangan natin ang Salita ng Diyos at pananalangin para maging tunay na mga Cristiano. Pagkatapos, idinalangin niya ang bawat isang maysakit gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee.

Nakapaglakad ng walang tulong si Kapatid na Evans, 47 taong gulang. Umasa siya sa saklay dahil bali ang buto niya sa binti dahil sa aksidente sa sasakyan. Nakagalaw ng walang hirap si Kapatid na Rona, 32 taong gulang. Hindi niya maigalaw ang katawan niya dati mula leeg hanggang balakang dahil sa 'neural pressure' sa gulugod.

Nagdusa si Kapatid na Emily Oluchi, 36 taong gulang, dahil nabubulok ang laman niya sa binti dahil sa ulcer. Hindi ito gumagaling. Apat na beses na niyang pinaoperahan ang balat niya sa binti para mapalitan ang mga nabubulok na bahagi. Nang tanggapin niya ang panalangin ni Rev. Heesun Lee, pakiramdam niya ay gumaan ang mga binti niya. Kinabukasan, sinabi ng doktor niya, "Mga Hulyo pa dapat operahang muli ang binti mo para mapalitan ang nabubulok na bahagi ng balat, pero kamangha-mangha, mabilis ang paggaling nito."

Maliban pa sa mga ito, marami pa ang gumaling mula sa arthritis, mataas na presyon ng dugo, sakit sa dibdib, at mataas na lagnat. Niluwalhati nila ang Diyos.

## Krusada ng Banal na Ebanghelyo sa Kenya taong 2001, at ang Misyon sa Africa, Kahapon at Ngayon




## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714